

Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)

Deskripsiyon ng mga Sangay

Kabílang, ngunit hindi limitado, sa sangay na ito ang pagpapabatid sa madla ng mga kalakaran, patakaran, at programang pangwika upang mapahusay ang paraan ng pagtuturo ng mga guro sa isang panig at maunawaan ng mga estudyante o pangkalahatang publiko sa kabílang panig. Tungkulin din ng SEN na subaybayan ang mga usaping pangwika at sagutin kung kinakailangang sagutin. Inaasahang bubuo ito ng database ng network ng mga institusyon at alagad ng wika tungo sa mithing mapalaganap ang impormasyon ukol sa Filipino at mga wikang mula sa rehiyon. Mangangasiwa rin ang SEN sa mga seminar, kumperensiya, at fora hinggil sa wika, sa mahigpit na pakikipagtulungan sa iba pang sangay ng mga pribado at pampublikong institusyon at mga organisasyong pangwika.

Mga Proyekto ng Sangay

Buwan ng Wikang Pambansa

Taunang pinangungunahan ng KWF sa pamamagitan ng SEN ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto.

Buwan ng Panitikan

Pinangungunahan ng KWF sa pakikipagtulungan sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) na manguna sa paghahanda, pangangasiwa, at pagsasagawa ng mga aktibidad kaugnay ng pagdiriwang. Pinagtibay noong 10 Pebrero 2015 ang Proklamasyon blg. 968 na siyang nagdedeklara sa Abril bílang Buwan ng Panitikan ng Filipinas.

Kapihang Wika

Buwanang media forum upang maibahagi sa midya ang

napapanahong isyung pangwika at mga programa't gawain ng KWF. Batid ng KWF na mahalagang kabalikat ang midya sa pagpapalaganap ng wastong paggamit ng wikang Filipino.

Publikasyon (Aklat ng Bayan)

Ang Aklat ng Bayan ay isang paraan ng pagtatanghal sa kapasidad ng wikang Filipino bilang wika ng malikhain at intelektuwal na gawain. Isang paraan ito ng pag-iimbak ng karunungan sa iba't ibang disiplina na Filipino ang wika sa pagsulat at saliksik

Dangal ng Wikang Filipino

Kumikilala sa mga nagtaguyod, nagpaunlad, at nagpalaganap ng wikang pambansa, ang Dangal ng Wikang Filipino ay parangal na ibinibigay lámang sa mga pilíng-pilíng indibidwal na may angking kontribusyon sa lipunan para higit na umangat ang Filipino sa iba't ibang larang at dominyo ng kapangyarihan, gaya ng, ngunit hindi limitado sa, agham at teknolohiya, batas, edukasyon, inhinyeriya, kawanggawa, negosyo, pamamahala, sandatahang lakas, sining, at ugnayang panlabas.

Dangal ni Balagtas

Kumikilala sa mataas na ambag sa panitikan, ang Dangal ni Balagtas ay iginagawad sa mga manunulat at alagad ng sining na nakalikha ng mga akdang nag-iiwan ng bakas o humahawi ng landas sa larangan ng pagsusulat. Pangunahing konsiderasyon ang pagpapamalas ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan. Isinasaalang-alang din ang mga nalathalang aklat at iba pang akda na kinikilala sa angkin nitóng husay, lawak, at lalim, alinsunod sa matalisik na pagtanaw ng mga kritiko at publiko.

Gawad Julian Cruz Balmaseda

Ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ay isang gawad para sa pinakamahuhusay na tesis at disertasyon na isinulat gamit ang wikang Filipino para sa mga larang akademiko, lalo na sa agham pangkalikasan, agham panlipunan, at matematika. Layunin ng gawad na ito na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo ang pagsusulat at publikasyon ng mga akdang orihinal at ambag para sa intelektuwalisasyon at modernisasyon ng Filipino.

Talaang Ginto: Makata ng Taon

Mula pa noong 1963, kinikilala na ng Talaang Ginto ang galíng ng makatang Filipino. Pinagsasanib ng taunang patimpalak ang makulay na kasaysayan ng panulaang Filipino na pinalalakas ng mga umuusbong na kumbensiyon sa pagtula.

Gawad KWF sa Sanaysay

Taunang gawad ng KWF para sa pinakamahusay na sanaysay hinggil sa mga pilí at napapanahong tema. Sa pamamagitan ng timpalak na ito, naitatanghal ang Filipino bílang wika ng saliksik.

Kampeon ng Wika

Iginagawad sa mga pilíng indibidwal at institusyon na ipinalalaganap ang wikang Filipino at mga wikang katutubo sa kani-kaniyang larangan. Sa nakaraang dalawang taon, nakapaghirang na ang KWF ng mga Kampeon ng Wika sa mga alagad ng midya, panitikang rehiyonal at organisasyong pampanitikan. Ngayong 2015, mas pinalawak ng KWF ang paghahanap ng mga karapat-dapat na indibidwal at organisasyon sa dominyo ng kultura, politika, musika, at akademya.

Tertulya sa Panitikan

Pagtitipon ng mga manunulat, guro, mag-aaral, at ibá pang nagtataguyod ng panitikang Filipino upang pagusapan ang

estado ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Filipinas. Itinampok sa Tertulya sa Panitikan ang mga naging Makata ng Taon sa taunang timpalak na Talaang Ginto.

Pambansang Kampong Balagtas

Ang Kampo Balagtas ay isang pambansang kumperensiya na naglalayong turuan at sanayin sa malikhaing pagsulat ang mga pilíng kabataang manunulat bilang panghihikayat sa kanila na makibahagi sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman ng panitikan ng bansa. Bahagi ito ng pagdiriwang ng Komisyon Araw ni Balagtas na ginugunita tuwing 2 Abril taon-taon.

Peregrinasyong Jacinto

Taunang pagdiriwang at paggunita sa anibersaryo (Abril 16) ng kamatayan ni Emilio Jacinto, ang “Utak ng Himagsikan,” Kabilang sa bahagi ng programa ay pagdalaw sa Majayjay, Laguna upang magsagawa ng maikling panayam tungkol kay Jacinto para sa mga guro at mag-aaral.

Kontak number ng sangay

(632) 7362519 komisjonsawika@gmail.com